



ANG GASERA

ni: **EDILYN J. BALLESTEROS**

Sa aming munting tahanan sa tabing-dagat, may tatlong ilawan na nagbibigay-liwanag tuwing gabi. Ngunit higit sa lahat, natatangi ang gaserang gawa ni Itay. Hindi ito karaniwang gasera na mabibili sa palengke; ito ay nilikha mula sa lumang bote na kanyang pinanday at pinagtibay ng kanyang mga kamay. Kahit malakas ang hangin at ulan, nananatili itong nagliliwanag, sapagkat nakatakip ito ng bote na nagsisilbing proteksyon laban sa unos. Ang gasera ang aming tanglaw—hindi lamang sa dilim ng gabi, kundi sa dilim ng aming mga pangarap na unti-unting nagiging liwanag.

Masipag si Inay. Sa kabila ng kakaunting kita ni Itay sa pangingisda, siya ay laging nakahahapan ng paraan upang mapakain kami ng masustansya. Lugaw na may malunggay at isda ang paborito naming magkakapatid. Kapag may noodles o tinapay na may palaman, tila pista na sa aming tahanan. Sa bawat hapag-kainan, naroon ang kanyang pagmamahal—hindi lamang sa pagkain kundi sa paghubog ng aming pagkatao. Lagi namang paalala ni Itay na mag-aral kami nang mabuti upang makaahon sa kahirapan. Ang gasera ang saksi sa aming mga gabing nag-aaral, nagsusulat, at nagbabasa ng mga aralin.

Isang gabi ng malakas na bagyo, ginising kami ni Inay. Sa kabila ng ugong ng hangin at hampas ng ulan, muling nasilayan ang liwanag ng gasera. Sa ilalim ng kanyang gabay, kami ay nagtipon at sabay-sabay na nagdasal para sa kaligtasan ni Itay sa laot. Ang gasera ang naging tanglaw namin—nagbibigay liwanag sa aming pag-aaral, paglalaro, at mga

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



kuwentuhan. Sa bawat sindi nito, tila ba naririnig namin ang tinig ni Itay na nagsasabing, “Magtiwala kayo, ligtas ako.”

Lumipas ang mga taon, nakapagtapos kami sa pag-aaral. Unti-unting nakaahon sa kahirapan ang aming pamilya. Dumating ang kuryente sa aming lugar, at naisantabi ang gasera. Ang dating mahalagang ilawan ay napalitan ng maliwanag na bombilya. Ngunit sa kabila ng modernong liwanag, nananatili sa aming alaala ang gasera—ang ilaw na nagbigay sa amin ng pag-asa sa gitna ng dilim.

Nang magkasakit si Inay, tila muling nagdilim ang aming tahanan. Ang kanyang panghihina ay parang pagpatay sa gasera na matagal naming naging tanglaw. Sa bawat gabi ng kanyang karamdaman, hinahanap-hanap namin ang liwanag na dati’y nagbibigay lakas sa aming pamilya. Ngunit sa kabila ng lahat, nanatili sa aming puso ang alaala ng gasera—simbolo ng sakripisyo, pagmamahal, at walang hanggang gabay ni Inay.

Ang gasera ay hindi lamang ilawan. Ito ay naging sagisag ng aming pagkakaisa, pagtitiyaga, at pananampalataya. Sa bawat sindi nito, nakikita namin ang mukha ni Inay na puno ng pagmamahal, at ang mga kamay ni Itay na puno ng pawis at sakripisyo. Ang gasera ang tunay na tanglaw ng aming buhay—liwanag na hindi kailanman maglalaho, kahit sa paglipas ng panahon.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
